ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVII Blg. 13
Hulyo 7, 2026
www.philippinerevolution.nu

**EDITORYAL**

# Hindi magagapi ni Marcos ang rebolusyonaryong paglaban ng bayan

Apat na taon na ang pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng papet, pahirap at pasistang rehimeng Marcos. Anumang pilit na ilarawan ni Ferdinand Marcos Jr na "umuunlad" ang Pilipinas, hindi niya mapagtatakpan ang katotohanang sumasahol ang kalagayan ng bansa at sambayanang Pilipino. Kaliwa't kanan ang deklarasyon ng mga upisyal ni Marcos na nagapi na ang rebolusyonaryong armadong paglaban, pero walang habas pa rin ang mga operasyong militar sa lahat ng larangang gerilya sa buong bansa. Patuloy na ginagatungan ni Marcos ang apoy ng digmang bayan.

Palala nang palala ang kalagayan ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda at iba pang batayang uri at sektor na bumubuo ng mayorya ng mamamayan. Sa kabilang panig, ang iilang naghaharing uri, kasabwat ang imperyalismong US, ay nabubundat sa yamang kinakamal mula sa pang-aapi at pagsasamantala sa masang anakpawis, sa burukratikong korapsyon, pandarambong sa likas na yaman, at sa pang-aagaw ng lupa at kabuhayan. Nasa bingit ang kaligtasan ng buong bansa sa pagpayag ni Marcos na gamitin ng US ang Pilipinas bilang malaking base militar.



Bumubulusok ang pamumuhay ng mamamayan sa harap ng pagsirit ng presyo ng langis, pagkain at mga araw-araw na pangangailangan. Walang saysay ang mga pakitang-taong hakbang ni Marcos, gaya ng mga palabas na pamimigay ng bigas at ayuda. Ang sahod ng mga manggagawa at sweldo ng karaniwang mga kawani ay wala pa sa kalahati ng halaga para mabuhay ng disente ang lima kataong pamilya. Lalong nababaon sa utang ang mga magsasaka sa harap ng lumalaking gastos sa produksyon at pamumuhay.

Masidhi ang krisis ng disempleyo. Milyun-milyon ang walang hanapbuhay, laluna ang mga kabataan. Libu-libong manggagawang Pilipino ang araw-araw nangngingibang-bayan para maghanap ng trabaho. Resulta ito ng pagbagsak ng lokal na produksyon, kapwa sa manupaktura at agrikultura, bunga ng todong liberalisasyon sa pag-iimport at pagbaha ng dayong mga kalakal. Walang programa para ipundar ang lokal na pambansang industriya para sa produksyon ng mga saligang pangangailangan ng bansa. Lalong inilulubog ni Marcos ang Pilipinas sa utang.

Habang hikahos ang mamamayan, walang awat ang girian ng nagriribalang paksyon para sa kurakot at kapangyarihan. Malayo

pa ang eleksyong 2028, pero nagsimula na ang maniobrahan at balyahan. Para sagkaan ang pagtakbo ni Vice President Sara Duterte, itinutulak ng kampong Marcos ang *impeachment*. Ito ay kahit pa ang tunay na hangad dito ng taumbayan ay katarungan at pagpapanagot sa lahat ng sangkot sa korapsyon at pagnanakaw sa pondo ng bayan, higit lalo ang pinakamataas na upisyal at pasimuno ng burukrata-kapitalismo na si Marcos.

Hinihigitan ni Marcos ang lahat ng nagdaang papet na presidente sa pagiging sunud-sunuran sa dikta ng imperyalismong US. Sa ekonomya, todo-bigay si Marcos ng mga pabuya at pribilehiyo para sa mga dayuhang kapitalista. Kabi-kabila ang pang-aagaw ng lupa para sa mga plantasyon at proyektong "renewable energy." Habang walang lupang inilalaan sa mga magsasaka, bubuksan ni Marcos ang 1,620 ektaryang lupain para sa "economic security zone" para sa mga korporasyong Amerikano, sa balangkas ng Pax Silica. Sa larangang militar, walang kapantay ang paglaki ng pwersang militar ng US sa loob at karagatan ng Pilipinas, sa balangkas ng paghahanda sa imperyalistang gera laban sa China. Bulag na pumapayag si Marcos na gamitin ang Pilipinas bilang malaking base militar at lunsaran ng gerang agresyon at panghihimasok ng US. Walang pakialam si Marcos na makaladkad at magdusa ang mga Pilipino sa digmaang pinasisiklab ng US.

Sinusulsulan at ginagatungan ng US ang pasistang panunupil sa Pilipinas para sugpuin ang iba't ibang anyo ng anti-imperyalistang paglaban ng mamamayang Pilipino—armado at hindi. Mahigit isang bilyong dolyar ang inilaan ng US para sa Armed Forces of the Philippines (AFP) sa susunod na limang taon. Todo larga ang panghihimasok at panunulsol ng militar ng US sa gerang kontra-gerilya at kampanyang panunupil at pagpataw ng batas militar sa kanayunan, sa tabing ng Salaknib at iba pang "military exercise." Sinusuplayan ng US ang mga yunit ng AFP ng mga sandata at iba pang kagamitan ang maliitang mga operasyon sa desperasyong gupuin ang patuloy na paglawak at paglaganap ng BHB.

Sa mata ng taumbayan, ang rehimeng Marcos ay katumbas ng walang kapantay na korapsyon, paghihirap at kagutuman ng masa, pangangayupapa sa mga dayuhan, at pasistang panunupil. Sa malawak na mamamayan, malinaw na si Marcos ang kumakatawan sa bulok at pinaglipasang sistemang pinaghaharian ng imperyalistang US at kasabwat na iilang naghaharing uri. Si Marcos ngayon ang numero unong nagtutulak sa sambayanang Pilipino na magbangon at suungin ang mahirap na landas ng paglaban.

Sa iba't ibang dako ng bansa, sumisiklab ang mga pakikibaka ng masa para ipagtanggol ang kanilang lupa at tahanan, ipaglaban ang nakabubuhay na sahod, batikusin ang korapsyon, panagutin ang mga mandarambong, ipagtanggol ang kanilang karapatan, labanan ang pagsira sa kalikasan, iprotesta ang presensya ng mga dayuhang tropa at ipagtanggol ang kaligtasan ng bansa. Itinatayo ang kanilang mga organisasyon at sama-sama silang kumikilos para ipaglaban ang kanilang kapakanan at ang interes ng buong bayan.

Sa kanayunan, matatag na sumusulong at lumalawak ang armadong pakikibaka, sa paglapad ng mga sona at larangang gerilya. Saanman dumako, mainit na sinasalubong ng masa ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, at mahigpit na niyayakap bilang tunay nilang Hukbo. Sa pamamagitan ng BHB, tumitibay ang loob ng malawak na masang magsasaka na tumindig at labanan ang mga panggagahis sa kanila ng mga mangangamkam ng lupa kasama ang mga bayaran nilang pasista.

Sa harap ng dinaranas na panunupil at pang-aapi ng sambayanang Pilipino, determinado ang Partido na magsilbing pwersang nasa ubod at namumuno sa kanilang pakikibaka para wakasan ang pang-aapi, baguhin ang kanilang kapalaran at ipundar ang bagong bansang malaya at demokratiko. Sa diwa ng kilusang pagwawasto, iniaalay ng mga kadre at kasapi ng Partido ang kanilang talino at buong lakas para sa adhikain ng sambayanan. Nasaan man ang masa, malalim at malawak na umuugat ang Partido para gabayan sila sa pagbagtas sa landas ng paglaban. AB


ANG Bayan

Tomo LVII Blg. 13 | Hulyo 7, 2026

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Hindi magagapi ni Marcos ang rebolusyonaryong paglaban ng bayan 1
Kainutilan ng rehimeng Marcos sa pagtugon sa lindol 3
Karahasan sa eskwelahan sa Tacloban City 4
Ika-10 kongreso ng CNL, nailunsad 4
Balangay ng Armas sa ST, nag-asembilya 4
Isang taon ng kontra-korapsyong buladas ni Marcos 5
Ang kahungkagan ng "kaunlaran" ng rehimeng Marcos 6
Imperyalistang US, hindi kaibigan ng mga Pilipino 7
Mapangwasak na mga *solar farm*, nilalabanan 7
2026 SIPP ni Marcos: Pabor sa mga dayuhan 8
Paglobo ng yaman ni Enrique Razon 9
Sa madaling salita 10
Ang paninibasib ng AFP-PNP sa Oriental Mindoro 11
Venezuela, niyanig ng malalakas na lindol 12
Mga paglabag sa karapatang-tao, walang tigil 12
Mga protesta 12



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



ang.bayan@cpp.ph cpp_angbayan

# Patuloy na niyayanig ng inutil na rehimeng Marcos ang mga biktima ng lindol sa Mindanao

Dalawang malalakas na lindol ang tumama sa mga prubinsya ng Mindanao noong Hunyo. Una ang *magnitude* 7.8 na lindol noong Hunyo 8 kung saan nasa karagatan ng Sarangani ang episentro, at ikalawa ang 6.6 *magnitude* na lindol noong Hunyo 26 na nasa karagatan ng Davao Occidental ang episentro. Sinundan pa ito ng mga *aftershock* na halos umabot na sa bilang na 10,000. Sa harap nito, patuloy ang pagguho ng kabuhayan ng masang apektado ng lindol, hindi lamang dahil sa sakuna, kundi bunga ng kainutilan ng rehimeng Marcos.

Sa huling tala ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) noong Hulyo 1, umabot na sa 88 ang kumpirmadong namatay sa panahon ng lindol. Mayroon pang 24 na nawawala habang 1,316 ang naitalang nasugatan. Samantala, hindi bababa sa 319,275 pamilya o 1.68 milyong katao sa 627 na mga barangay ang napinsala ng lindol. Nasa 18,360 ang tuluyang gumuhong mga bahay habang 94,919 ang bahagyang nasira. Maraming kalsada at pampublikong imprastruktura rin ang nawasak.

Sa kabila nito, usad-pagong ang rehimeng Marcos at lokal na mga gubyerno para makabuluhang tugunan ang epekto ng lindol. Nakatutok lamang ang gubyerno sa lantay na pamamahagi ng isahan at limitadong ayuda, sa halip na komprehensibong mga hakbang at patakaran.

**Hindi inaabot ng tulong**

Maraming bayan na ang nagdeklara ng "state of calamity" sa Mindanao para agarang makapaglabas ng pondo para sa pagharap sa sakuna. Sa kabila nito, maraming komunidad ng magsasaka ang hindi inaabot nito. Sa panayam ng Ang Bayan sa ilang magsasaka sa apektadong mga prubinsya, ibinahagi nilang wala silang natatanggap na tulong at kumpensasyon mula sa gubyerno.

Sa isang komunidad, natumba ang tanim na palay ng mga magsasaka dahil sa lindol na sana'y pagkukunan nila ng pangkonsumo para sa buong taon. Sa ilang erya, hindi makapagdeliber at makapagbenta ng produktong abaka ang mga magsasaka dahil sa sira-sirang daan at nakabalandrang malalaking bato bunga ng pagguho ng lupa.

Kanya-kanyang pagsisikap ang mga komunidad para isaayos ang kanilang mga kalsada para makabyaheng muli ang mga sasakyan. Sa ilang kaso, nilalakad na lamang nila ang poblasyon mula sa mga sityo para makapaghanapbuhay. Kasabay nito, iniinda nila ang nasirang mga bahay at kagamitan.

Lalo pang ikinadismaya ng mga magsasaka ang nasagap nilang balita ng pangungurakot ng mga lokal na upisyal sa ayudang dapat ipinamamahagi sa kanila. Sa isang bayan sa Sarangani, pinalalabas ng meyor na ipinamigay sa kabilang bayan ang mga bigas na nakalaan para sa mga residente ngunit natuklasang iniimbak at itinatago lamang ito ng lokal na gubyerno.

Para sa mga magsasaka, hindi na bago ang kawalan o makupad na serbisyong panlipunan ng gubyerno sa kanila. Kwento pa nila, wala pa mang lindol ay sadyang sira-sira na ang kanilang mga kalsada.




**Pagpapalakas sa nagkakaisang tinig**

Puspusan ang pagsisikap ng rebolusyonaryong pwersa sa Far South Mindanao, kung saan bahagi ang Sarangani, para buklurin at palakasin ang nagkakaisang tinig ng mga magsasaka at mamamayang tinamaan ng lindol. Iminumulat nila ang masang magsasaka sa kanilang mga karapatan para magkaisa at kumilos na singilin ang lokal na gubyerno at rehimeng Marcos.

Bunga nito, naglakas-loob ang ilang mga lider ng sityo na magtungo sa sentro ng barangay para iulat ang pinsala sa kanilang komunidad. Kasabay nito ang paggigiit nila ng kumpensasyon at suporta. Hinihimok rin ng mga pwersang rebolusyonaryo ang mga residente na magbuo ng mga organisasyon para magsilbing bisig sa paggigiit sa kanilang mga panawagan.

Sa ilang erya, direkta namang nakatuwang ng masa ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa pagtatanggal ng malalaking bato sa mga kalsada pagkatapos ng lindol. Sa ganitong mga pagkakataon, naipapakita ng hukbong bayan na sila ay maaasahang hukbo ng masang anakpawis.

Ang pagtulong at pagtugon sa mamamayang apektado o biktima ng kalamidad ay bahagi ng Programa sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan ng Partido. Katuwang ang mga yunit ng hukbong bayan at lokal na gubyernong bayan, isinasagawa ng rebolusyonaryong kilusan ang iba't ibang anyo ng pagsagip, pagtulong at pagpapakilos sa mamamayang biktima ng sakuna. AB

## Karahasan sa eskwelahan sa Tacloban, bunga ng bulok na sistema

Nagpaabot ng pakikiramay ang Special Office for the Protection of Children (SOPC) ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), sa mga pamilya, kamag-anak, kaklase, guro, at mga komunidad na naapektuhan ng trahedya ng pamamaril sa paaralan sa Tacloban City noong Hunyo 22. Anito, hindi lamang ito trahedya ng mga indibidwal kundi isang sintomas ng isang nabubulok na sistema.

Inilalantad ng pamamaril sa paaralan sa Tacloban ang marahas at mapanirang katangian ng lipunang Pilipino na humuhubog sa buhay ng mga batang Pilipino, ayon sa SOPC. Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, naging normal ang kultura ng karahasan at kawalang pananagutan. Bawat araw, saksi ang mga bata sa matinding kahirapan, pasismo ng estado, korapsyon, at kawalan ng tunay na oportunidad para sa kanilang kinabukasan. Sa ganitong kalagayan, nagiging bahagi ng kamalayan ng bata ang karahasan.

Tinutulan ng SOPC ang mga pagtatangka ng reaksyunaryong gubyerno na gamitin ang trahedya upang isulong ang mga kontra-batang patakaran. Anito, maling gamiting dahilan ang trahedyang ito para ibaba ang *minimum age of criminal responsibility.* Ang mga ganitong panukala ay hindi tumutugon sa ugat ng karahasan at pilit lamang na ibinabaling ang sisi sa mismong mga bata. Ang tunay na isyu ay ang paglalansag sa kultura ng kawalang pananagutan na pinananatili ng naghaharing uri, at hindi ang mas mabigat na pagpaparusa sa mga bata.

Ibinahagi ng NDFP na sa mga rebolusyonaryong erya, aktibong nagpapatupad ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika (gubyerno ng mamamayan) ng mga programa para sa kapakanan ng bata. Kabilang dito ang mga kampanyang literasiya at edukasyong nakatuntong sa kalagayan ng kanilang mga komunidad. Layunin ng mga ito na hubugin ang mga bata bilang mga responsableng kasapi ng lipunan na may mataas na kamalayang panlipunan.

Pundamental sa pananaw ng NDFP ang pagkilala na umuunlad ang mga bata kapag may kapangyarihan ang kanilang mga pamilya at komunidad, anito. Ang kawalan ng lupa, kawalan ng trabaho, mababang sahod, sapilitang migrasyon, at kawalan ng mga serbisyong panlipunan ay sumisira sa kapakanan ng mga bata. Sa gayon, ang tunay na proteksyon sa bata ay hindi maihihiwalay sa pakikibaka para sa reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, soberanya sa ekonomya, at mga demokratikong karapatan. AB

### Ika-10 kongreso ng CNL, matagumpay na nailunsad

NAGTIPON ANG MGA kinatawan ng mga balangay at yunit ng Christians for National Liberation (CNL) noong ikalawang kwarto ng taon para idaos ang kanilang ika-10 kongreso. Dumalo dito ang mga obispo, relihiyoso at pastor, manggagawang layko at mga kinatawan ng kabataan mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

Inilunsad ang kongreso sa temang "Palakasin at palawakin ang ating hanay at ibayong isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba; Palalimin ang ating integrasyon sa masa sa pagbabagsak sa burukrata-kapitalista at pasistang rehimeng US-Marcos." Binuo nito ang bagong apat na taong plano at naghalal ng mga upisyal.

Ayon kay Renmin Malaya, ang nahalal na tagapangulo ng grupo, napapanahon ang pagtitipon sa konteksto ng kilusang pagwawasto ng buong rebolusyonaryong kilusan ng Pilipinas, at sa gitna ng umiigting na inter-imperyalistang girian at gera at ang lumalaking bitak sa pagitan ng mga lokal na naghaharing uri sa bansa.

“Tiyak na magiging malaki ang ambag ng CNL sa kasalukuyang pagsisikap na isulong ang rebolusyong Pilipino. Nasa yugto ito ngayon ng panibagong pagpapalakas, matapos dumaan sa panahon ng pag-atras at seryosong mga pinsala bunga ng panloob na mga kahinaan at pagkakamali," mensahe ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas. Napaabot rin ng pagbati sa CNL ang mga alyadong organisasyon ng NDFP.

Sa pagtatapos ng kongreso, binigyang parangal ng CNL ang mga martir at bayani ng rebolusyong Pilipino. Partikular nitong pinarangalan si Ka Luis Jalandoni, isa sa mga nagtatag ng CNL, na namatay noong Hunyo 7, 2025. “Inspirasyon natin sila. Hindi sila naging maramot sa buhay," pahayag ni Phillip Rebson, bagong halal na pangkalahatang kalihim ng CNL.


### Balangay ng Armas sa ST, nag-asembilya

NAGLUNSAD NG PANGKALAHATANG asembliya ang Arista at Manunulat ng Sambayanan (Armas)-Balangay Jethro Isaac Ferrer, isang balangay sa Southern Tagalog, noong Hunyo. Pagsisikap ito ng balangay para sa konsolidasyon at pagpapalawak ng hanay.

Sa asembliya, nagtanghal ang mga myembro at nagsagawa ng rebolusyonaryong panunuring masa sa mga pyesa. Inihalal rin nila ang bagong mga upisyal ng komiteng tagapagpaganap ng balangay.

Noong Hunyo rin, isinagawa nito ang isang pistang pangkultura kung saan nagtalakayan at naglunsad ng palihan na may layuning payabungin ang gawaing pangkultura ng mga rebolusyonaryong artista. Inilunsad rin nito ang koordinadong oplan pinta, oplan dikit, at oplan sabit. Ipinakalat nila ang mga poster, istrimer at pintura sa pader na nananawagan na isulong ang digmang bayan.

# Isang taon ng kontra-korapsyong buladas ni Marcos




Hindi nalinlang ni Ferdinand Marcos Jr ang taumbayan sa pakana at palabas na kampanyang kontra-korapsyon ng kanyang rehimen mula nang ideklara ito noong Hulyo 2025. Batid ng bayan na hungkag ang mga kataga niyang "Mahiya naman kayo!" dahil nakatuon lamang ito sa mga katunggali sa pulitika habang hindi pinananagot ang kanyang sarili, mga alipures at kaalyado. Paghahanda rin ito ni Marcos sa darating na eleksyong 2028 na layuning ietsapwera ang mga kalaban, umani ng dagdag na mga kapanalig at magkamal ng karagdagang kurakot at kikbak para sa kanyang mga kandidato.

Hindi maikakaila na si Marcos ang hari ng korapsyon, utak, at pinakamalaking buwaya sa malawakang korapsyon sa gubyerno. Kasabay ng pagkopo ng bagong kurakot, nagawa rin niyang lubos na maibalik ang mahigit ₱300 bilyong nakaw na yaman ng kanyang pamilya na kinumpiska ng estado sa nakaraan.

**Ang daloy ng kurakot**

Mula 2022 hanggang 2025, naglaan si Marcos ng ₱545 bilyon para sa mga proyektong *flood control* na naging sentro ng iskandalo ng kurakot. Nabunyag din na kinukuha niya ang pondo mula sa *unprogrammed appropriations* (UA) sa badyet para sa mga ito. Ngayong 2026, sa kabila ng pagkakalantad sa korapsyon ay naglaan pa rin siya ng ₱274.9 bilyon para sa mga katulad na proyekto.

Muling kumopo si Marcos ngayong 2026 ng ₱4.6 bilyon na *confidential and intelligence fund*. Napanatili niya ang *pork barrel* na ₱243.4 bilyon para sa UA. Naglaan rin siya ng ₱1 bilyon para sa kanyang mga byahe sa labas ng bansa, kasama ang kanyang pamilya at mga alipures.

Kumukubra rin si Marcos sa sistema ng *pork barrel fund* sa anyo ng mga "allocable" na halagang mapupunta sa bawat kongresistang pandistrito. Ito ang tinatawag na Baselined-Balanced-Managed (BBM) Parametric Formula ng DPWH. Nakalakip ito sa National Expenditure Program ng pangulo sa ilalim ng badyet ng DPWH na babasbasan ng pangulo. Sa imbestigasyon ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), lumabas na si Rep. Sandro Marcos, anak ng pangulo, ang may pinakamalaking *allocable* (₱15.79 bilyon) noong 2023-2025. Pumapangalawa sa kanya ang kanyang tiyuhin na si Rep. Martin Romualdez na nakakopo ng ₱14.43 bilyon.

Inilantad rin ni dating Ako Bicol Partylist Rep. Elizalde Co, dating pinuno ng House Appropriations Committee, ang iba pang iskema ng mga Marcos sa pangungurakot. Kabilang dito ang tahasang pag-uutos ni Marcos at kanyang mga kaanak na magsingit ng pondo para sa kikbak sa pambansang badyet. Aniya, siya mismo ang naghahatid ng male-maletang pera sa mga Marcos at kay Romualdez. Inilantad rin niyang sangkot ang asawa ni Marcos na si Liza Araneta-Marcos sa malawakang ismagling ng bigas, isda at gulay.

Para isanggalang ang sarili sa akusasyon ng korapsyon at idirehe ang direksyon ng imbestigasyon, binuo ni Marcos ang Independent Commission for Infrastructure. Pinakilos rin niya ang mga kongresista para agarang ibasura ang reklamong *impeachment* na isinampa sa kanya noong Enero.

Tatlo ang batayan sa reklamong pagtataksil sa tiwala ng bayan: 1) pagiging *mastermind* sa sistematikong korapsyon sa loob ng gubyerno (sa *formula* ng "allocables" o BBM Parametric Formula, 2) pag-abuso sa *unprogrammed funds*, at 3) direktang pagkakasangkot sa kaliwa't kanang *insertion* at sistema ng kikbak.

Hanggang sa kasalukuyan, iilang maliliit na personalidad pa lamang ang ipinakukulong sa kasong pandarambong at korapsyon na pawang mga kalaban sa pulitika ng mga Marcos. Target rin ni Marcos ngayon ang reyna ng korapsyon na si Vice President Sara Duterte. Samantalang si Co, na maraming akusasyon sa mga Marcos, ay sadyang pinatatakas ng rehimen.

Nalantad rin sa nagdaang taon ang pagpanig kay Marcos ng ilang mga nagpapakilalang progresibong grupo tulad ng Akbayan Partylist. Aktibong isinasanggalang ng grupo si Marcos mula sa pananagutan at paniningil ng bayan.

**Nag-uumapaw ang galit ng bayan**

Magkakasunod na protesta ang inilunsad ng iba't ibang sektor para panagutin si Marcos, si Vice President Duterte at lahat ng mga sangkot sa korapsyon. Pinakamalalaki sa mga protesta ang Baha sa Luneta noong Setyembre 21, 2025 kung saan lumahok ang 100,000 katao, at noong Nobyembre 30, 2025 na nilahukan ng mahigit 20,000. Kapwa ito pinangunahan ng Kilusang Bayan

Sundan sa pahina 6

# Ang kahungkagan ng "kaunlaran" ng rehimeng Marcos



Nitong nagdaang mga araw, dalawang pahayag ng rehimeng Marcos ang muling nagpatampok sa kahungkagan at pagiging pahirap nito sa mga Pilipino. Una ang nakaiinsultong ₱85 dagdag sa arawang sahod na inilarawang "makasaysayan" ng mga upisyal ng rehimen. Pangalawa ang diumano'y pagtuntong ng Pilipinas sa katayuang "upper middle income" alinsunod sa pamantayan ng imperyalistang institusyong World Bank. Ang mga ito ay paunang pagmamayabang para sa ika-4 na *state of the nation address* (SONA) ni Ferdinand Marcos Jr sa darating na Hulyo 27.

**Saan aabot ang ₱85?**

Nasa ₱504–₱510 lamang ang pambansang abereyds ng minimum na sahod. Wala pa itong kalahati sa tinatayang kailangang minimum na na sahod na ₱1,200 hanggang ₱1,312 kada araw. Kahit idagdag ang ₱85 sa sahod sa National Capital Region (NCR) na ₱695/araw, malayo pa rin ito para mabuhay nang may dangal ang isang 5-kataong pamilya. Lalong masaklap, hulugan pang ibibigay ang dagdag na arawang sahod na ₱85: ₱60 sa Hulyo 19, at ₱25 sa Enero 2027. Kung hati-hatiin sa karaniwang gastos ng mayorya ng mga pamilya ang ₱60, 64% ang maidadagdag sa pagkain, o ₱34.40 na hindi man lamang makabibili ng isang kilong bigas. Ang natitirang ₱26 ay paghahati-hatian sa transportasyon, yutilidad, at marami pang iba.

Mas mabababa ang dagdag-sahod sa mga rehiyon labas sa NCR. Sa nakaraang taon, nagbigay lamang ng baryang dagdag mula ₱20-₱39 kada araw ang mga *regional wage board*. Madalas ay hinati rin ang mga ito sa dalawang bigayan.

Tumanggi ang rehimeng Marcos na magbigay ng kahit kaunting dagdag sa mga manggagawa sa kabila ng pagsirit ng implasyon na umuk-ok sa tunay na halaga ng sahod. Sa buong bansa, umabot ang tantos ng implasyon sa 7.2% noong Abril mula sa 2.4% noong Pebrero. Ito ay matapos ang gerang agresyon ng US sa Iran, na sinamantala ng mga dayuhan at lokal na kumpanya para isirit ang presyo ng langis para magkamal ng supertubo.

Alinsunod sa datos mismo ng estado, nasa 65% pamilyang Pilipino ang nabubuhay nang malayo sa pamantayan ng disenteng pamumuhay. Dahil sa baba ng sahod, nasa ₱78/araw lamang ang nailalaan sa bawat myembro ng pamilya, malayong mas mababa sa ₱91/araw na itinakdang upisyal na hangganan ng kahirapan ng estado.

***Across-the-board* na pagtaas ng presyo**

Kung gaano hinahatak ng rehimen at mga kapitalista pababa ang sahod sa buong bansa, gayon naman nila pinasisirit pataas ang mga presyo ng mga kalakal at singil sa serbisyo. Pinakaininda ng mamamayan ang pagtaas ng presyo ng langis noong Marso na hanggang ngayon ay di pa ibinabalik sa dating antas. Gamit ang gerang agresyon ng US sa Iran, halos dobleng itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng *diesel* (tungong ₱107–₱134.3/litro), gayundin ng gasolina, kerosin at LPG.

Bago pa ang "oil price shock," tuluy-tuloy ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo. Mula

*Sundan sa pahina 7*

---

*Mula sa pahina 5*

Kontra Kurakot.

Ikinasa rin ang mga militanteng pagkilos katulad sa upisina sa Pasig City ng St. Gerrard Construction, pag-aari ng mga Discaya, na isa sa mga kontratistang imbwelto sa korapsyon. Lumaganap ang mga pakilos na Black Friday Protest sa Metro Manila at iba pang prubinsya kung saan sinugod sa ilang pagkakataon ang upisina ng DPWH at ICI. Inilunsad rin ang mga protesta para itulak ang *impeachment* nina Marcos at Duterte.

Sumiklab ang kilusang *walkout* ng mga kabataang estudyante sa mga unibersidad at kampus noong Setyembre hanggang Oktubre ng 2025. Sa kabuuan, tinatayang higit 40,000 estudyante at kabataan sa buong bansa ang lumahok dito. Sa paanan ng Mendiola, higit 5,000 kabataan at estudyante ang nagmartsa noong Oktubre 17, 2025 sa panawagang "Marcos-Duterte, Alisin! Bulok na sistema, baguhin!"

Sa pagpasok ng 2026, patuloy na naningil ang taumbayan sa lahat ng sangkot sa korapsyon. Mahigit 12,000 ang nagrali sa ika-40 anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA noong Pebrero 25. Noong Hunyo 28, muling pinasisigla ang kilusang kontra-korapsyon sa pagsama-sama ng ilang libong katao mula sa iba't ibang pananampalataya at demokratikong organisasyon sa martsa para sa katotohanan, pananagutan at hustisya sa EDSA People Power Monument sa pangunguna ng White Ribbon Movement. AB

## Imperyalistang US, hindi kaibigan ng mga Pilipino

NAGMARTSA ANG MGA progresibong grupo tungong embahada ng US sa Maynila noong Hulyo 4 para gunitain sa protesta ang ika-80 kunwa'y "friendship day" sa pagitan ng US at Pilipinas. Tatak ng neokolonyalismo ang pagdiriwang nito sa bansa.

Kinundena ng mga raliyista ang nagpapatuloy na pakikialam ng US sa Pilipinas at pagkaladkad nito sa mga Pilipino sa sinusulsulang gerang imperyalista sa China. Nanawagan sila sa pagtatakwil sa mga tagibang na kasunduang militar, pagsasara ng mga base militar ng US, at pagpapalayas sa mga tropa nito sa loob at palibot ng bansa.

**"War rehearsal" sa Asia**

Hindi bababa sa 40,000 tropang militar mula sa mahigit 30 bansa ang sabay-sabay na pinakilos ng US sa mga *war games* sa iba't ibang bahagi ng Asia noong Hunyo sa isang malawakang "war rehearsal" o pag-eensayo sa digma. Isinagawa nito ang Resolute Dragon sa Japan katuwang ang militaristang rehimen ni Sanae Takaichi, Valiant Shield sa Guam, at ang dambuhalang RIMPAC sa Hawaii na nilalahukan ng 25,000-31,000 tropa. Sa Pilipinas, isinabay nito ang Kamandag *exercises* noong Hunyo 15-Hulyo 1 sa Northern at Central Luzon, Palawan, Cavite, Tawi-tawi at Metro Manila.

Nakakonsentra ang sabayan at koordinadong mga *war games* sa kahabaan ng First at Second Island Chain bilang "rehearsal" o pag-eensayo ng iba't ibang hukbo para sa inihahanda nitong imperyalistang gera laban sa China. Mariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang papet na rehimeng Marcos sa hayagan nitong pangangayupapa sa US at pagpapakaladkad nito sa heyopulitikal na banggaan ng dalawang imperyalistang bansa.

## Mapangwasak na mga *solar farm*, nilalabanan

NAGTIPON NOONG HUNYO 29 sa kampus ng Central Luzon State University sa Nueva Ecija ang mga magsasaka, kabataan at estudyante, syentista, tagapagtanggol ng kalikasan, at mga kinatawan ng simbahan, para itatag ang Movement Against Destructive Solar Farms (MADSOLAR). Isa itong grupo na lalaban sa mapangwasak na mga *solar farm* sa Central Luzon.

Isa sa mga proyektong *solar farm* sa rehiyon ang MTerra Solar Project na sasaklaw sa 3,500-7,000 ektarya ng lupang pang-agrikultura sa mga bayan ng Nueva Ecija at Bulacan. Itinatayo ito ng Meralco PowerGen at ng dayuhang kumpanyang General Atlantic.

Kaugnay ng proyekto, binantaan ng sapilitang pagpapalayas ang mga residente ng Sityo Sangilo, Barangay Macabaklay, Gapan City, Nueva Ecija noong Hulyo 2. Sumugod sa sityo ang nagpakilalang may-ari ng lupa na si Rey Tan kasama ang mga pulis at ilang mga armadong tauhan.

---

*Mula sa pahina 6*

Enero hanggang Pebrero, pitong beses na itinaas ng mga kumpanya ang presyo ng langis na may netong pagtaas na ₱3.80/litro sa *diesel* at ₱5.40/litro sa gasolina, kahit pa ang presyo ng krudong langis sa mundo ay nanatiling mababa sa abereyds na $61.80 kada bariles.

Higit na hinila pataas ng *oil price shock* ang gastos sa produksyon at transportasyon, na nagdulot ng pagtaas sa presyo ng pagkain at ibang batayang pangangailangan. Lalo nitong pinalala ang dati nang matataas na presyo na dulot ng matataas na gastos sa produksyon, kabilang ang pataba, walang sagkang importasyon ng mahal na bigas at kawalang suporta sa lokal na agrikultura. Sa NCR, umabot ang presyo ng bigas tungong ₱56/kilo noong Hunyo habang sa ibang lugar tulad ng Zamboanga, ay umabot sa ₱64/kilo.

Ininda na ng mamamayan ang mataas na singil sa kuryente at tubig. Itinaas ng Meralco ang singil nito sa NCR at kalapit na mga prubinsya mula ₱13/kWh (Enero) tungong higit ₱14/kWh (Hunyo). Nagtaasan rin ng singil ang malalaking distribyutor ng kuryente sa Visayas (sa Cebu ay nadagdagan ng ₱1.83, at sa Iloilo, ₱2.33 kada *kilowatt*). Sa Davao, Enero itinaas ang singil nang ₱2/kWh. Samantala, ipinatupad ng mga kumpanya sa tubig sa NCR, Cebu at Davao ang matatarik na pagtaas sa singil sa serbisyo. Ito ay habang iniinda ng mga konsyumer ang palpak na serbisyo ng mga pribadong kumpanya sa yutilidad.

**Walang pag-unlad**

Walang silbi ang katayuang "upper-middle-income" na basbas ng World Bank. Hindi ito pamantayan ng pag-unlad kundi nagtatakda lamang ng katayuan ng bansa para makapangutang. Taliwas sa ipinagmamayabang ng rehimen, pababa ang padron ng paglago ng lokal na ekonomya at hindi ito nakalilikha ng sapat na trabaho para sa mamamayan.

Hindi naabot ng rehimen kahit ang sariling itinakdang target na paglago ng *gross domestic product* (GDP). Para sa 2025, lumago lamang ang GDP ng bansa nang 4.4%, at 2.8% lamang para sa unang kwarto ng 2026. Sa nakaraang taon, naitala ang pinakamaliit na paglago ng pagmamanupaktura sa nakaraang mga dekada na umabot lamang sa 2.5%. Lumago naman ang agrikultura nang 2.6% lamang.

Sa kabilang banda, lumaki ang yaman ng mga korporasyon at burgesya kumprador. Mula 2020 hanggang 2022, tumaas nang 104% ang netong kita ng pinakamalalaking korporasyon. Tumaas din nang 31% ang yaman ng 50 pinakamayayamang Pilipino. Ito ay habang pinananatili nilang mababa at di nakabubuhay ang sahod ng mga Pilipino. AB

2026 SIPP ni Marcos:

# Pabor sa mga dayuhan, pahirap sa bayan

Habang tumatanggi ang rehimeng Marcos na bigyan ng kaunting alwan ang mamamayan sa pamamagitan ng pagtatanggal ng VAT at iba pang pabigat na buwis, abala naman ito sa paggawad ng mga insentiba at *tax break* o pribilehiyong di magbayad ng buwis sa malalaking dayuhang kumpanya.

Isa sa mga pakana ng rehimen ang 2026 Strategic Investment Priority Plan (SIPP), isang "roadmap" o plano ng pamumuhunan na binalangkas ng Board of Investments (BOI) noong Enero. Pinirmahan ito ni Ferdinand Marcos Jr noong Mayo 21 at isinapubliko noong Hunyo 3. Tinukoy ng *roadmap* na ito ang mga larangan ng pamumuhunan kung saan 14-17 taon na hindi magbabayad ng buwis ang mga dayuhang mamumuhunan.

Ibayong pagsuko ng soberanya at pagbebenta ng murang lakas-paggawa ng mga Pilipino sa mga dayuhan ang laman ng SIPP. Saklaw nito ang mga larangan ng pamumuhunan na dati nang ipinaubaya sa mga dayuhan. Dinagdag pa ang mga larangang ito sa ilalim ng rehimeng Duterte hanggang rehimeng Marcos, kung saan pinahintulutan at pinadali ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa mga estratehikong sektor gaya ng telekomunikasyon, transportasyong panghihimpawid, lokal na pagbabapor, at *renewable energy* (RE).

**Industriya para sa imperyalistang gera**

Ibayong binigyan ng insentiba ng SIPP ang mga operasyon ng mga kumpanyang papasok sa *semi-processing* ng kritikal na mineral at iba pang "serbisyong kaugnay sa mga aktibidad pandepensa." May espesyal na kategorya ito sa tinatawag na mga "frontier technology" tulad ng artificial intelligence (AI), *cybersecurity*, enerhiyang nukleyar, at abanteng pananaliksik at pagpapaunlad. Ang mga subsektor na ito ang kasalukuyang itinutulak ng imperyalismong US sa ilalim ng Luzon Economic Corridor at Pax Silica Initiative. Tatamasa ang mga kumpanyang papasok dito ng pinakamalalaki at matatagal na libreng buwis at iba pang insentiba.

Taliwas sa ipinagpipilitan ng mga rehimen, malayo sa katotohanan na magbubunsod ng pag-unlad sa ekonomya ang SIPP. Sa kasaysayan ng Pilipinas, hindi kailanman nagbunga ng industriyalisasyon ang direktang pamumuhunan ng mga dayuhan. Sa ilalim ng mga patakarang neoliberal sa nagdaang mga dekada, tuluy-tuloy ang pagbulusok ng pagmamanupaktura. Katunayan, tuluy-tuloy na lumiliit ang bahagi nito sa buong ekonomya (GDP), mula sa dating 20-25% noong dekada 1950 tungong 2.5% noong 2025, pinakamababa sa mahigit 70 taon.

Walang magbabago sa ganitong papadausdos na direksyon ng lokal na ekonomya. Nakadisenyo ang SIPP para sa "global supply chain" at hindi para sa pagtatayo ng sariling pambansang industriya. Lalo lamang nitong itatali ang bansa bilang tagasuplay ng murang hilaw na materyales, at supil na lakas paggawa para sa bahagyang pagpoproseso ng mga imported na kalakal para sa muling pag-eeksport.



**Hungkag na pangakong trabaho**

Ipinagmamalaki ng rehimen na lilikha ng milyun-milyong trabaho ang SIPP, kung saan 420,000 diumano ay magmumula sa sektor pa lamang ng RE. Isang milyon din diumano ang malilikhang trabaho sa Luzon Economic Corridor.

Taliwas dito ang aktwal na mangyayari. Ngayon pa lamang, kaliwa't kanan ang pagpapalayas sa masang magsasaka at katutubo na inaagawan ng lupa para pagtayuan ng mga proyektong *solar* at *onshore windfarm*. Libu-libong mangingisda ang mawawalan ng pangisdaan para bigyan-daan ang mga higanteng turbina ng mga *offshore windfarm*. Hindi lamang kagyatan ang pagkawasak ng kabuhayan kundi pangmatagalan dahil sa pinsalang dala sa konstruksyon ng dambuhalang mga proyektong RE sa kalupaan at karagatan.

Gayundin, hindi pag-unlad kundi ibayong pagsasamantala sa lakas-paggawa ang ipinagmamayabang na malilikhang mga trabaho sa "abanteng pagmamanupaktura" at "mindfacturing." Sisipsipin lamang ng mga dayuhang kumpanya ang talino at dunong ng mga Pilipino para sa kanilang gamit sa ekonomya at militar.

Samantala, mananatili ang mapanupil at mapagsamantalang mga patakaran sa mga engklabong pinaglalagakan ng dayuhang kapital. Sa kabila ng mataas na tantos ng produktibidad sa mga empresa sa loob nito, karamihan ng mga manggagawa dito ay sinasahuran lamang ng minimum. Halos lahat sa kanila ay kontraktwal at may minimum na mga benepisyo. Kahit ang mga regular ay walang laban sa biglaang pagsasara ng mga pabrika at paglilipat ng mga operasyon ng mga kumpanya sa ibang bansa. AB

# Paglobo ng yaman ni Enrique Razon, higit na pagdurusa ng sambayanang Pilipino

Noong Hunyo 15, iniulat ng Forbes magazine ang yaman ni Enrique Razon Jr na nasa $18.8 bilyon, ika-143 pinakamalaki sa buong mundo, at bilang pinakamayamang Pilipino. Katumbas ng kanyang yaman ay ₱1.27 trilyon, dahilan para tagurian siyang unang "trilyunaryo" sa Pilipinas.

Pinakamalaking negosyo ni Razon ang International Container Terminal Services, Inc (na may kabuang kita ng ₱177.3 bilyon) Manila Water Co. (₱66.6 bilyon) at Bloomberry Resorts Corp (₱53.9 bilyon). May mga negosyo din siya sa sektor ng pagmimina, *renewable energy*, kuryente, real estate, langis at pamumuhunan. Pagmamay-ari din niya ang nasa 60% ng apat na *gas-fired* na planta ng kuryente na dating hawak ng mga Lopez.

Noong Marso, binili niya ang SierraCol Energy Limited, ang pinakamalaking independyenteng kumpanya ng langis at *gas* sa Colombia, mula sa The Carlyle Group.

**Kronyismo ni Razon**

Kilalang kroni ang pamilyang Razon noong panahon ni Marcos Sr, na nagsilbing kasangkapan sa pagkamal ng diktador ng milyun-milyong dolyar na halaga ng ari-arian. Ipinagpatuloy ni Razon ang pagging kroni sa bawat administrasyong umupo, laluna mula dekada 2000.

Pinakamabilis ang paglawak ng ICTSI sa ilalim ni dating pangulong Gloria Arroyo, na ang asawang si Mike ay malapit na kaugnayan ni Razon. Naging mahalaga siyang tauhan ng mga Arroyo sa mga kontrobersyal na mga kontrata, kabilang ang pagbili ng State Grid Corporation of China sa National Grid Corporation of the Philippines, at sa nabigong NBN-ZTE deal. Kapalit nito, pinondohan niya ang kandidatura ni Arroyo at ng kanyang mga kaalyado. Noong 2007, nagsilbi siyang ingat-yaman ng Team Unity ng Lakas-Kampi at kalaunan ay naging bahagi sa pagtatatag ng National Unity Party.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, magkakasunod na sinakmal ni Razon ang Manila Water at mga kumpanya sa kuryente, ang Apex Mining, mga *casino* ni Dennis Uy, at iba pa. Halos dumoble ang kanyang yaman noong pandemya.

Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, umabot sa ₱909.3 bilyon ang inilago ng kanyang kita, pinakamalaki sa malalaking burgesyang kumprador.

**Mga anti-mamamayang proyekto**

Talamak si Razon sa kamuhimuhing mga negosyo, anti-mamamayang mga proyekto at paggamit ng militar at bayarang *goons* upang pigilan ang paglaban ng mamamamayan.

Kabilang sa mga ito ang mga dam na itatayo sa mga lupaing ninuno at magpapalayas sa mga katutubo at magsasaka. Kasama dito ang Wawa-Violago Dam sa Rizal, Jalaur Megadam Project sa Iloilo, Chico Hydropower Project sa Kalinga, at Ahunan Dam sa Laguna.

Noong Pebrero 6, 2024, nasa 101 katao, karamihan ay mga minero, ang nasawi sa *landslide* sa Barangay Masara, Maco, Davao de Oro, nasa loob ng operasyon ng Apex Mining. Una na ring nagkaroon ng malalaking *landslide* sa lugar noong 2008 at 2012 dulot ng malawakang pagmimina sa lugar.

Noong Enero 8, 36 ang nasawi sa gumuhong tambakan ng basura na pinatatakbo ng Prime Integrated Waste Solutions Inc., kumpanya ni Razon. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ng Barangay Binaliw, Cebu City ang tambakan dahil sa matinding amoy at epekto nito sa bundok at mga ilog sa paligid nito.

Sa Maynila, mahigit 7,000 residente ang nagbabadyang mawalan ng tirahan sa Parola Compound, Delpan, Binondo dahil sa North–South Harbor Bridge Project. Pagka-anunsyo ng pagsisimula ng proyekto noong Mayo 22, kinabukasan, nasunog ang buong komunidad.

**Yamang hinuthot sa bayan**

Ang patuloy na pagyaman ng malalaking burgesya komprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista ay walang ambag sa pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon at pagtatatag ng nagsasariling ekonomya ng bansa. Sa halip, isa itong mabigat na pasanin ng buong bayan, dahil katumbas nito ang umiiral na sistema ng pagkamkam ng lupa para sa interes ng negosyo at imperyalismong US.

Sa gitna ng lumulubhang inhustisya at di pagkakapantay-pantay, lalong tumitingkad ang kawastuhan ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon upang ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo. Sa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan, wawasakin ang monopolyo sa lupa, isusulong ang pambansang industriya, itataguyod ang malayang patakarang panlabas at titiyakin ang kapakanan ng masa ng sambayanan. AB





# 1 DEKADA

na ang nakalipas nang upisyal na sinimulan ni Rodrigo Duterte ang **huwad at madugong gera kontra-droga**. Bilang pag-alala sa libu-libong biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang, idinaos ng kanilang mga kamag-anak noong Hulyo 1 ang programang DEKADA, para sa 10 taong pagluluksa at walang kapagurang paglaban.

Pinagkunan: Rise Up for Life and for Rights




# P75 milyon

ang inamin pero di idineklara ni Sen. Rodante Marcoleta na **tinanggap na pondo mula sa "3 kaibigan"** para sa kanyang pagtakbo sa Senado noong 2025.

# 256

aktibista, lider ng komunidad at sibilyan ang naging **biktima ng mga batas "kontra-terorismo,"** kabilang ang 222 na sinamapahan ng gawa-gawang kaso (138 sa mga ito ay naibasura na) at 25 kinasuhan na nakakulong hanggang sa ngayon.

Pinagkunan: Karapatan




# 234

***container* ng nakalalasong basurang elektroniko** *(e-waste)* ang itinambak ng US sa Subic Freeport sa Zambales, na labag sa Basel *convention*, risgo sa seguridad at kapaligiran, at yumuyurak sa soberanya ng bansa.



# 6 buwan

**suspendido bilang duktor** si Lorraine Badoy, dating tagapagsalita ng NTF-Elcac, dahil sa ginawa niyang *Red-tagging* at paninira sa progresibong mga doktor at manggagawang pangkalusugan.

# 1,000 araw

na ang **henosidyo ng Zionistang Israel sa Palestine** noong Hulyo 2; umabot na sa 73,000 Palestino ang pinatay, kabilang ang 21,500 bata.



# 20 MILYON

ang tinatayang **lumahok sa 1-linggong seremonya** ng libing ng Supreme Leader ng Iran na si Ayatollah Ali Khamenei na nagsimula noong Hulyo 3. Pinatay ng US sa isang *air strike* si Khamenei noong Pebrero 28 pero naantala ang libing dahil sa walang awat na pambobomba ng US.




# Hulyo 7, 1892

itinatag nina Andrés Bonifacio at ng iba pang makabayang Pilipino **ang Kataas-taasang, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan** (KKK) sa Tondo, Maynila; ang KKK ang unang pambansang organisasyong Pilipino na naglunsad ng armadong pakikibaka para sa pambansang paglaya.

# Ang paninibasib ng AFP-PNP sa Oriental Mindoro

Sobra na, tigilan n'yo na kami!" ito ang panawagan ng mga magsasaka at katutubong Mangyan laban sa pinaigting na operasyong militar sa timog ng Oriental Mindoro. Ayon sa Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Oriental Mindoro, ilang dekada nang nililigalig ng AFP-PNP ang mga komunidad, na mas tumindi pa pagpasok ng Hunyo.

Walong batalyon ng AFP ang nakadeploy sa Mindoro. Lima dito ay sa ilalim ng 203rd IBde na nakakonsentra sa mga bayan ng Roxas, Mansalay, Bulalacao, at Bongabong. Nakahimpil sila sa 17 kampo-militar. Sa tabing ng "localized peace engagement" at "Serbisyo Caravan," hinalihaw ng nakapakat na Mobile Community Support Program ang mga bundok at komunidad sa mahigit 21 sityo sa mga bayan ng Mansalay, Bulalacao, at Roxas.

Ang pagbuhos ng pwersa ng 2nd ID sa Mindoro ay bunga ng pagdeklara sa isla bilang pambansang prayoridad ng pagdurog noong 2025. Kasabay ng pagbuhos ng tropa ang pag-igting ng paglabag sa karapatang-tao ng mga residente at katutubong Mangyan.

Abala sa buhay at kabuhayan, krimen, anti-sosyal at dekadenteng gawain ang hatid ng mga sundalo sa komunidad na kanilang pinapakatan. Kabilang dito ang pagnanakaw, pagsira ng kagamitan at pananim, sugal, pambabastos sa kababaihan, prostitusyon, panggagahasa at pang-aalila sa mga residente.

Sa Oriental Mindoro, mula 2022 hanggang sa kasalukuyan, naitala ang nasa walong kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, 15 kaso ng iligal na pag-aresto at detensyon, 16 kaso ng pagdukot at limang kaso ng walang patumanggang pagpapaputok (pambobomba at istraping). Pinakatampok sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang serye ng sekswal na pang-aabuso ng 4th IB sa mga kababaihan sa isang komunidad sa timog Mindoro.

Sa loob ng humigit-kumulang isang taon, pitong kababaihan ang naging biktima ng panggagahasa. Dalawa sa biktima ay menor de edad, dalawa ang nabuntis at isa ang namatay makaraan ang isang linggo matapos inilabas na may lagnat sa kampo ng sundalo.

**Ganansya para sa mga dayuhan at lokal na kapitalista**

Ang militarisasyon sa Oriental Mindoro ay hindi lamang para supilin ang rebolusyonaryong kilusan, kundi para madulas na makapasok ang mga proyektong "pangkaunlaran" sa isla tulad ng mga malalaking imprastruktura ng mga dayuhan at lokal na korporasyon, mga batbat ng korapsyon na mga proyekto ng lokal na yunit ng gubyerno, *renewable energy* at pagmimina. Nagsisilbi namang tapat na asong bantay ang mga tropa ng AFP at PNP sa mga lupain at makinarya na pag-aari ng mga naghaharing-uri.

Kasalukuyang tinututulan ng mga residente ang mga operasyong mina at *dredging* sa Oriental Mindoro, kabilang ang Bulalacao Coal Mining Project sa barangay Cambunang, Bulalacao; planong pagmina ng langis ng Pitkin Petroleum Limited; pamimina ng *armour rocks;* at *sand dredging* project sa Balete River.

May nakaplanong 10 *offshore windfarm* sa isla, tatlo sa Oriental Mindoro. Kabilang sa pagtatayuan ng mga turbina ang karagatan ng Bulalacao, na bahagi ng pandaigdigang *coral triangle* na dapat pangalagaan dahil sa epekto sa ekosistemang pandagat.

Ang mga operasyon militar ay bahagi din ng paghahanda para sa mga operasyon ng militar ng US sa isla. May sikretong base militar ng US sa isla ng Lubang. Natuklasan din na naglunsad ng mga pulong ang US Peace Corps sa bayan ng Naujan upang ikundisyon ang mga Mindoreño sa iniuupat na gera ng US laban sa China.

**Makatarungan ang paglaban**

Ayon sa PKM-Mindoro, makatarungang ipaglaban ng sambayanan ang karapatan ng bansa sa pagpapasya-sa-sarili. Makatarungan ang lumahok sa digmang bayan laluna kung walang kalayaan at inaalisan ng karapatang mabuhay ang mamamayan.

Mahigpit na isinusulong ng PKM ang pambansa-demokratikong programa bilang solusyon sa malakolonyal at malapyudal na sistemang umiiral sa bansa. Tinutugunan sa programa ang kawalan ng lupa ng mga magsasaka at katutubong Mangyan, tulad ng paglansag sa malalawak na lupain at pastuhan ng mga PML mula pa noong 1980s.

Naging matibay na katuwang ng masa ang Bagong Hukbong Bayan sa mga pagpapatupad ng rebolusyong agraryo. Karamihan sa mga ito ay pinakikinabangan pa ngayon ng mga magsasaka at masang Mindoreño. AB



# Venezuela, niyanig ng malalakas na lindol

Niyanig ng malalakas na lindol ang hilagang-gitnang bahagi ng Venezuela, kabilang ang kabiserang Caracas at ang rehiyon ng La Guaira, noong hapon ng Hunyo 24. Ayon sa mga ulat, naganap ang magkasunod na lindol na may lakas na *magnitude* 7.2 at *magnitude* 7.5 sa pagitan ng 39 segundo. Dahil sa pagiging mababaw ng pinagmulan ng lindol sa San Sebastián *fault system*, gumuho ang maraming gusali at ospital, at nawalan ng suplay ng kuryente at komunikasyon ang milyong katao.

Sa mga ulat noong Hulyo 5, halos 3,000 na ang nakumpirmang nasawi, higit 16,000 ang nasugatan at puu-puong libo ang hinahanap pa sa mga gumuhong gusali. Higit 16,000 ang nawalan ng matitirhan at 850 gusali ang gumuho kung saan 190 dito ay buung-buong bumagsak.

Nagpaabot ng pakikiramay at rebolusyonaryong pakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), National Democratic Front of the Philippines at ang buong kilusang rebolusyonaryong Pilipino sa mamamayan ng Venezuela.

Kasabay nito, binatikos ng PKP ang pagsagpang ng US sa trahedya para magpwesto ng mga tropa sa loob ng Venezuela. Noong gabi ng Hunyo 25, lumapag sa Caracas ang mga tropang Amerikano para direktang makialam sa mga operasyon ng mga sibilyan na ahensya sa bansa. Kasabay nito, ipinadala ng US Southern Command ang mga barkong pandigma na USS Fort Lauderdale at USS Billings sa karagatang sakop ng Venezuela, kasama ang mga dambuhalang *transport aircraft* na C-17 Globemaster at C-130 Hercules. Ang mga yunit ring ito ang sumalakay sa Caracas noong Enero 3, at dumukot sa presidente ng Venezuela na si Nicolás Maduro at asawa niyang si Cilia Flores.

Ayon sa PKP, kamuhi-muhi ang paggamit ng US sa kalamidad at "makataong mga rason" para manghimasok sa Venezuela laluna sa harap ng matagal na panahon ng nagpataw ito ng mararahas na sangsyon na puminsala sa ekonomya at pag-unlad ng bansa. Ang mga sangsyon na ito, at iba pang mapamilit na hakbang ng US, ay ginagamit para pwersahin ang gubyerno ng Venezuela na sundin ang mga dikta ni Trump. AB

## Mga paglabag sa karapatang-tao, walang tigil

PATULOY ANG PAGDAMI ng mga paglabag sa karapatang-tao sa buong bansa ng mga pwersa ng estado sa nagdaang mga linggo.

**Pagpatay.** Brutal na pinatay ng 88th IB si Nenita Buscada, isang katutubo, sa Barangay Saint Peter, Malaybalay City noong Hunyo 15. Kasama ni Buscada ang kanyang asawa at dalawa pang sibilyan na patungong kagubatan para mangahoy nang biglang paulanan ng bala ng 8th IB.

**Tangkang pagpatay.** Pinagbabaril ng 43rd IB si Olid Yanay, 18, sa Barangay Caputoan, Las Navas, Northern Samar noong Hunyo 13 ng umaga. Pinasabugan siya ng tatlong bala ng M203 *grenade launcher*. Nakatakbo at nakaligtas si Olid mula sa pamamaril.

**Pag-aresto.** Inaresto ng mga pulis at ng 85th IB ang magsasakang si Anthony Biñas noong Hunyo 19 sa Quezon. Itinago siya ng mga pulis at natunton na lamang noong Hunyo 28 sa Quezon District Jail at kumakaharap sa kasong tangkang pagpatay.

Samantala, patung-patong ang paglabag sa karapatang-tao sa matinding militarisasyon sa Las Navas sa Northern Samar; sa Guihulngan City, Negros Oriental; sa mga bayan ng Isabela at Binalbagan sa Negros Occidental; at maging sa Marikina City sa nakalipas na mga linggo.

**CLSU, nag-*walkout* kontra panunupil.** Mahigit 200 estudyante ng Central Luzon State University sa Nueva Ecija ang nag-*walkout* sa klase noong Hunyo 22 para kundenahin ang pagsupil sa kanilang demokratikong karapatan, *Red-tagging* at panggigipit ng estado sa mga lider-estudyante ng unibersidad. Nanindigan sila laban sa tangkang pagpapatahimik ng administrasyon at ng mga pwersa ng estado.

**Justice for Negros 19 Network, binuo.** Nagtipon ang mga kaanak, kaibigan, at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa UP Diliman sa Quezon City noong Hunyo 24 para itatag ang Justice for Negros 19 Network. Ipagpapatuloy nito ang kampanya para sa katotohanan, pananagutan at hustisya para sa Negros 19 na minasaker ng AFP noong Abril 19 sa Barangay Salamanca, Toboso, Negros Occidental.

**Pride Protest, inilunsad ng mga grupong LGBTQ+.** Nagtipon ang iba't ibang grupo at alyado ng mga LGBTQ+ sa Liwasang Bonifacio sa Maynila noong Hunyo 26 para gunitain ang taunang Stonewall Philipines Gay Pride. Idiniin ng mga raliyista ang militanteng tradisyon ng *Pride* at kinundena ang lumalalang kalagayan ng mamamayan sa gitna ng krisis sa ekonomya at patuloy na imperyalistang interbensyon ng US sa Pilipinas. Naglunsad din ng militanteng protestang *Pride* sa Baguio City, Laguna, Batangas at Tacloban City.

**Marcos, sinalubong ng rali sa Canada.** Daan-daang myembro ng mga progresibong grupo ang kabi-kabilang nagprotesta para batikusin si Ferdinand Marcos Jr sa pagbisita sa Canada noong Hulyo 1-4. Nagtungong Canada si Marcos para makipagpulong kina Prime Minister Mark Carney at mga negosyante sa bansa. Napagkasunduan dito ang pagpapalawak sa kooperasyong militar, pamumuhunan sa pagmimina ng mga ginto at kritikal na mineral at pagbebenta sa murang lakas-paggawa ng mga Pilipino.